REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA
TEL. NO. 842-04-22 LOCAL 51

SANGGUNIANG BAYAN

KAPASIYAHAN BILANG 94 - 140

KAPASIYAHAN NA NAGPAPAHAYAG NG KAGUSTUHAN NG BAYAN NG MUNTINLUPA NA MAGING ISANG "HIGHLY-URBANIZED CITY" BATAY SA LEGAL NA KUWALIPIKASYON NA ITINATADHANA NG BATAS KALAKIP ANG MGA DOKUMENTONG SUMUSUPORTA SA KONBERSYON NITO AT BATAY SA MGA PETISYON NA ISINUMITE NG IBA'T-IBANG SEKTOR NG MUNTINLUPA AT, BATAY SA MGA ITO, HINIHILING SA KONGRESO NA MAGPASA NG ISANG BATAS BATAY SA KALAKIP NA PANUKALANG "CITY CHARTER" PARA SA PAGPAPATIBAY NITO, SA PAMAMAGITAN NG KGG. REP. MANNY VILLAR NG MUNTINLUPA-LAS PINAS DISTRICT.

***************************************************************

SAPAGKAT, ang Bayan ng Muntinlupa ay karapat-dapat nang maging isang "Highly-Urbanized City" batay sa itinatadhana sa Seksiyon 452 ng Bagong Local Government Code ng 1991 (Republic Act No. 7160);

SAPAGKAT, ayon sa nasabing Seksiyon 452, ang isang lokal na yunit ng pamahalaan na may minimum na bilang ng populasyon na 200,000 na pinatutunayan ng National Statistics Office at may taunang kita na hindi bababa sa P50 million batay sa 1991 constant prices na pinatutunayan ng Department of Finance ay uuriin bilang isang "Highly-Urbanized City";

SAPAGKAT, ayon sa ginawang sertipikasyon ng National Statistics Office petsa Enero 18, 1994 sa pamamagitan ni Administrator Tomas P. Africa, ang Bayan ng Muntinlupa ay may 276,972 na bilang ng populasyon batay sa 1990 sensus ng populasyon at bahay (kalakip ang sipi ng sertipikasyon bilang Annex "A");

SAPAGKAT, ayon sa ginawang sertipikasyon ng Department of Finance petsa Enero 26, 1994 sa pamamagitan ni Direktor Lorinda M. Carlos ng Bureau of Local Government Finance, ang Bayan ng Muntinlupa ay may taunang kita para sa taong 1991 at 1992 na P88,749,431.36 batay sa 1991 constant prices (kalakip ang sipi ng sertipikasyon bilang Annex "B");

SAPAGKAT, maraming pakinabang, biyaya at benepisyo kung bakit kinakailangan at karapat-dapat na maging isang "Highly-Urbanized City" ang Bayan ng Muntinlupa, tulad ng sumusunod:

1. Ang taunang kita ng Muntinlupa ay kusang tataas na walang mangyari na pagtataas ng buwis. Ito ay mangyayari sapagkat mas malaki ang bahagdan na bahagi ng mga lungsod sa mga ari-arian na hindi natitinag (real estate taxes) at sa internal reve-

nue allotment; ang isang bayan ay may 35% bahagi lamang sa real estate taxes kumpara sa 70% para sa isang lungsod at may 34% bahagi sa internal revenue allotment (IRA) na hahatiin ng 1,544 mga bayan sa buong bansa kumpara sa 23% para sa isang lungsod na hahatiin lamang sa 61 lungsod na buong bansa;

2. Mas malawak ang kapangyarihan ng isang lungsod kung ikukumpara sa isang bayan o lalawigan batay sa Bagong Local Government Code ng 1991;

3. May sariling charter o kodigo ng batas ang isang lungsod sa nagbibigay dito na mas malawak na awtonomiya at kararinlan;

4. Magbibigay ito ng mas mataas na karangalan sa Muntinlupa sa pakikitungo nito sa International Community; at

5. Bibilis lalo ang pagsulong ng Muntinlupa bilang isang maunlad na lungsod sa Metro Manila.

SAPAGKAT, kung mas malaki ang taunang kikitain ng Muntinlupa bilang isang lungsod, mas maraming proyekto, programa at iba pang gawain ang maisasakatuparan nito at lalong huhusay at gaganda ang paghahatid ng mga pangunahing serbisyo at pangangailangan ng mamamayan ng Muntinlupa;

SAPAGKAT, napapanahon na maging isang lungsod ang Muntinlupa kung isaalang-alang natin ang mga mahahalagang nangyayari ngayon sa ating bayan tulad ng multi-billion Alabang Stock Farm Development project na magpapaunlad ng 244 hektaryang lupa upang ito ay magiging mas produktibo at ang patuloy na pagdami ng mga bagong komersiyal at industriyal na mga negosyo;

SAPAGKAT, sa konbersiyon ng Muntinlupa bilang isang "Highly-Urbanized City", walang mangyayari na pagtataas ng buwis o pagpapataw ng panibagong buwis at magkakaroon ng tatlong taon na moratorium sa real estate taxes;

REPUBLIKA NG PILIPINAS

**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**

KALAKHANG MAYNILA

TEL. NO. 842-04-22 LOCAL 51

SANGGUNIANG BAYAN



SAPAGKAT, ang mamamayan ng Muntinlupa, sa pamamagitan ng iba'-ibang sektor at grupo, ay nagsumite ng petisyon na hinihiling sa Kongreso ng Pilipinas, sa pamamagitan ng Sangguniang Bayan ng Muntinlupa, na magpasa ng isang batas na gawing "Highly-Urbanized City" ang Bayan ng Muntinlupa batay sa mga kadahilanan na nakasaad sa nasabing petisyon (kalakip ang mga sipi ng "Petisyon" bilang Annex "C");

NGAYON, DAHIL DITO, ang Sangguniang Bayan ng Muntinlupa ay nagpasya at pinagpasiyahan pang muli na inihahayag ang kagustuhan ng Bayan ng Muntinlupa na maging isang "Highly-Urbanized City" batay sa legal na kuwalipikasyon na itinatadhana ng batas kalakip ang mga dokumentong sumusuporta sa konbersiyon nito at batay sa mga petisyon na isinumite ng iba't-ibang sektor ng Muntinlupa at, batay sa mga ito, hinihiling sa Kongreso na magpasa ng isang batas batay sa kalakip na panukalang "City Charter" (kalakip bilang Annex "D") para sa pagpapatibay nito, sa pamamagitan ni Kgg. Rep. Manny Villar ng Muntinlupa-Las Pinas District.

PINAGPASIYAHAN PANG MULI, na hinihiling sa Kagalang-galang na Punongbayan ng Muntinlupa na agarang gumawa ng mga kaukulang hakbangin tungo sa pagpapatupad ng kapasiyahan na ito; hinihiling din na bigyan ng sipi ng kapasiyahan na ito ang Tanggapan ng Pangulo ng Pilipinas, ang Tanggapan ng Department of Interior and Local Government (DILG), ang Metro Manila Authority at ang Pamahalaang Bayan ng Las Pinas at ang Tanggapan ng ating kinatawan sa Kongreso, Muntinlupa-Las Pinas district.

PINAGTIBAY NG BUONG PAGKAKAISA ng Lahat ng Kagawad ng Sangguniang Bayan ng Muntinlupa sa kanilang tanging pulong na ginanap ngayong ika-27 ng Mayo, 1994.

PINATOTOHANAN:

KGG. DANTE S. ALMARIO
Pan. Pang. Punongbayan/Pangulong Opisyal

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA
TEL. NO. 842-04-22 LOCAL 51

SANGGUNIANG BAYAN



KGG. MELCHOR R. TEVES
Konsehal

KGG. REY E. BULAY
Konsehal

KGG. ERNESTO A. CARUBIO
Konsehal

KGG. REYNALDO A. ABAS, JR.
Konsehal

KGG. VICENTE Y. CHUA
Kinatawan ng Sektor
Pangulo
Samahan ng mga Punong-Bgy.

KGG. MIGEUL LUIS F. RIOS, JR.
Kinatawan ng Sektor
Pangulo
Pederasyon ng Sang. Kabataan

KGG. ROGER JOHN SMITH
Konsehal

KGG. RESTITUTO N. SANTOS
Konsehal

KGG. BALDOMERO NIEFES
Konsehal

KGG. ROMY TAN
Konsehal

KGG. SIMEON BUMANGLAG
Konsehal

KGG. PRAXEDES P. BIGATA
Konsehal

KGG. FE ISABEL D. SERVIDA
Konsehal

KGG. FRANCISCO UMALI
Konsehal

REPUBLIKA NG PILIPINAS

**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**

KALAKHANG MAYNILA

TEL.NO. 842-04-22 LOCAL 51

SANGGUNIANG BAYAN



PINATUTUNAYAN:

PETER B. SALONGA
Pambayang Kalihim

PINAGTIBAY:

KGG. ARTURO S. BUNYI
Pansamantalang Punongbayan

Praxedes P. Bigata